



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA - 86 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA - 10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG 08 MARSO 2021 IKA - 11:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno	- Pangalawang Punong Bayan
Kgg. Jerwin S. Dimapilis	
Kgg. Agustin L. Cusi	
Kgg. David D. De La Cruz	
Kgg. John John S. Yason	
Kgg. Robert S. Quiatchon	
Kgg. Lucille T. Bacay	
Kgg. Juan Rafael M. Talens	
Kgg. Ronel S. Sescar	
Kgg. Elmira May V. Tarac	- Pangulo, Mun. SK Federation
Kgg. Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng mga Harangay

Absent: W A L A

PAMBAYANG ORDINANSA BLG. 31
Taong 2021

ORDINANSANG NAGTATARKA SA PAGGAMIT NG PINAKATAHING DAANAN NG KALSADANG NASYONAL MULA SA HANGGANAN NG TERITORYO NG BAYAN NG ROXAS SA BRGY. SAN RAFAEL HANGGANG SA HANGGANAN NG TERITORYO NG ROXAS SA BRGY. SAN AQUILINO AT SA HANGGANAN NG BRGY. CANTIL BILANG PAMPUBLIKONG DAANAN NG MGA TRICYCLE, MOTORSIKLO, BISIKLETA, E-BIKE, TRIBIKE O PEDICAB, MAKINARYANG PANG AGRIKULTURA, SASAKYANG HINIHILO NG HAYOP AT LAHAT NG URI NG MABABAGAL NA SASAKYAN ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHN SA SINUMANG LALABAG NITO.

May Alkda

KONSEHAL ROBERT S. QUIATCHON

SAPAGKAT, Ibinigay ng Sec 447, 3(VI) & Sec 458 3(vi) ng Republic Act 7160 ang kapangyarihan sa Sangguniang Bayan upang magbigay ng alituntunin sa paggamit ng mga kalsada parungkol sa mga operasyon ng mga tricycle at ito ay sang-ayun sa alituntunin na ibinibigay ng Kagawaran ng Transportation at Komunikasyon (DOTC),

SAPAGKAT, naglabas ng alituntunin ang kagawaran ng Transportasyon at Komunikasyon at ito ay napapaloob sa Memorandum Circular 2007-01 at ang Kagawaran ng Panloob at lokal na Pamahalaan sa pamamagitan ng Memorandum Circular 2011-60 kung saan ay ipinagbabawal ang mga Tricycle sa Nasyonal na Kalsada, subalit maliwanag din na naisaad doon, na kung walang ibang alternatibong daanan, ang Sangguniang Bayan ay maaring gumawa ng kautusan upang payagan ang mga tricycle na dumaan sa nasyonal na kalsada,

LEO G. CUSI, SR.

GUALBERTO V. MAGNO

FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKAT, kaalinsabay nito ang dumarami na mga aksidente sa ating kalsada sanhi ng mga hangganan ng mga motorsiklo at tricycle ay kinakailangang kontrolin ng konseho ang daloy ng trapiko sa gilid ng ating mga Kalsadang Nasyonal;

SAPAGKAT, kasama na rin dito na matapos ang ginagawang pagpapalawak ng kalsada, ay patuloy ang paggamit dito bilang paradahan ng mga sasakyan na nagiging halakid at ahala sa mga naglalakbay sa ating kalsada.

Kung kaya, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagkasundo na ipagtibay ang mga sumusunod na alituntunin.

SEKSYON 1. Pamagat. Ang kautusang ito ay tatawaging "Regulasyon sa Paggamit ng Pinakatabing Daan ng Bayan ng Roxas"

SEKSYON 2. Kahulugan ng mga kataga, ang mga sumusunod na kahulugan ng bawat kataga ay gagamitin sa kautusang ito.

- 1) **Pinakatabing Bahagi ng Kalsadang Nasyonal** - ang rinurukoy nito ay ang padalawang linya na sementadong bahagi ng kalsada
- 2) **Tricycle** - nangangahulugan ito na sasakyang pribado o pampubliko na mayroong tatlong gulong
- 3) **Motorsiklo** - nangangahulugan ito na mga sasakyang dalawa ang gulong na mayroong makina na 250cc pababa kasama ang mga gumagamit ng baterya
- 4) **Makinaryang Pang-Agrikultura** - kagamitan o makinarya na ginagamit sa pagsasaayos ng lupa sa bulid katulad ng Traktora, Harvester, Turatora at Hand Tractor
- 5) **E-Dikes** - nangangahulugan ito na sasakyang pribado o pampubliko na mayroong dalawa o tatlong gulong at gumagamit ng Elektriheya
- 6) **Bisekleta** - mga sasakyan na walang makina at dalawa ang gulong
- 7) **Tribike o Pedicab** - mga sasakyang walang makina at tatlo ang gulong.
- 8) **Sasakyang pinapatakbo ng hayop** - mga sasakyan katulad ng kariton, kalesa na ang nagpaparakbo ng mga Hayop katulad ng kalabaw, kabayo o baka
- 9) **Kalsadang Nasyonal** - ang sementadong Lansangang Bayan mula sa hangganan ng teritoryo ng Bayan ng Roxas sa Barangay Brgy. San Rafael hanggang sa Hangganan ng Teritoryo ng Roxas sa Brgy. San Aquilino at sa Hangganan ng Brgy. Cantil
- 10) **Sasakyang de Baterya** - mga sasakyan na mayroong gulong, pinaparakbo ng baterya at sasakyan ng tao.
- 11) **Mababagal na sasakyan** - lahat ng mga sasakyan na hindi nabanggit sa **Section 2**.

SEKSYON 3. Mga Alituntunin sa Paggamit ng daang Nasyonal


- 1) Na ang lahat ng mga Tricycle, Motorsiklo, Makinaryang Pang-agrikultura, B-bikes, Bisekleta, Tribike o Pedicab, Sasakyang pinaparakbo ng Hayop, Sasakyang De Baterya, at lahat ng uri ng mababagal na sasakyan ay pinagbabawalan na dumaan o gumamit ng gitnang bahagi ng Kalsadang Nasyonal
- 2) Na dahil sa kawalan ng alternatibong direktang pagdaan, ang mga nabanggit na sasakyan ay maaring dumaan lamang sa Pinakatabing bahagi ng Kalsadang Nasyonal

LEO C. GUST, SR.


GUALBERTO V. MAGNO

FERDINAND V. TALENS, MPA

- 3) Na mahigpit na ipinagbabawal ang paglalagay ng anumang sagabal at ang pagparada ng anumang sasakyan sa Pinakatabing Bahagi ng Kalsadang Nasyonal, maliban na lamang sa mga sumusunod na pagkakataon.
 - a) Panahon ng biglaan at malugpit na pangangailangan
 - b) Panahon na mayroong sakuna o aksidente
- 4) Na sa mga nabanggit na pagkakataon, kailangang mayroong maliwanag na palatandaan na mayroong reflektor na maliwanag at madaling Makita ng mga dumarating na sasakyan na nakalagay sa pwesto, sampung (10) metro mula sa pinagparaduhan.
- 5) Na ang pagparada upang magdiskarga ng mga kargamento sa kalsadang nasyonal ay ipinagbabawal
- 6) Na pagdating naman sa kabayanan o Poblacion kung saan matatagpuan ang sentro ng kalakalan na dinaraan ng Kalsadang Nasyonal ay maari lamang isagawa ang pagdidiskarga ng mga kargamento sa oras mula ika-10 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon at ika-7 ng gabi hanggang ika-6 ng umaga na tatagal ayon sa uri ng sasakyan upang maiwasan ang pagsikip ng trapiko
- 7) Na dahil dito ang lahat ng mga establisyemento na bago pa lang itatayo ay kailangang may sapat na paradahan para sa kanilang mga mamimili at tagadala ng kalakal
- 8) Na alinsunod sa pagbibigay ng permiso ay maglalagay ng Barangay Tanod o Traffic Enforcer o Pulis upang masiguro na maayos ang pagdaloy ng trapiko sa lugar sa oras ng biglaang pangangailangan
- 9) Na ang pagsakay at pagbaba ng mga pasahero ng sasakyan ay maaring gawin lamang sa labas ng Kalsadang Nasyonal (bangketa)
- 10) Na ang pagsasakay at pagbababa ng mga pasahero ng isa (1) hanggang limang (5) metro ang layo sa mga kanto ay ipinagbabawal. Magsakay at magbaba lamang sa mga lugar na may nakalagay na "DITO ANG SASAKYAN AT BABAAH"
- 11) Na ang pagparada ng mga sasakyan sa anumang kadahilanan ay kailangang nasa tamang posisyon. Laging gamitin ang kanang bahagi ng panlabas na daan na siyang dinadaan ng mababagal na sasakyan. Subalit kung may daang nakalaan para sa mga tao ay maaaring ito ang gamitin upang makapagparada ng panandahan
- 12) Na upang mapalawak ang posibleng panandaliang paradahan ay maaaring magpasa ang Sangguniang Bayan ng isang Resolusyon sa Kagawaran ng Pampublikong Pagawain at Daan upang payagan ang may-ari ng establisyemento na baguhin ang ibabaw ng drainage na siyang nakakasagabal sa pag-akyat at pagrampa ng mga sasakyan
- 13) Na alinsunod sa putukuran ng puggumit ng kalsada, sa lugar na walang pinakatabing bahagi ng kalsadang nasyonal, ang unang may karapatan na dumaan sa gitnang kalsada ay ang mga sasakyan na nasa gitnang daan
- 14) Na maari lamang lumipat upang dumaan sa gitnang bahagi ng kalsadang nasyonal ang mga nabanggit na sasakyan kapag nakalipas na ang mga naunang dumadaan sa gitnang bahagi ng kalsadang nasyonal


LEO G. CUSI, SR.


GUILLERMO V. MAGNO


FERDINAND V. TALENS, MPA

SEKSYON 4. Kaparusahan. Ang sinumang hindi sumunod sa alituntunin na nabanggit, dito ay papatawan ng mga sumusunod na kaparusahan.

- 1) **Unang Paglabag** - pagbabayad ng halagang limang daang piso (P500.00)
- 2) **Ikalawang Paglabag** - pagbabayad ng halagang isang libong piso at limang daang piso (P1,500.00)
- 3) **Ikatlong Paglabag** - pagbabayad ng halagang dalawang libo at limang daang piso (P2,500.00) at pagkakakulong ng isang (1) buwan ayon sa hatol ng hukuman

SEKSYON 5 Pagpapatupad, Panghuhuli at Pangungulekta. Ang mga tauhan ng Philippine National Police, Traffic Enforcers na itutulaga ng Pamahalaang Bayan at iba pang ahensya ng pamahalaan ang may kapangyahirang magpatupad at magpasunod ng Ordinansang ito. Ang sinumang mahuhuli ay bibigyan ng Citation Ticket. Ang multang nabanggit ay babayaran sa Tanggapan ng Pambayang Ingat-Yaman (MTO) ng Roxas na may kaukulang Resibo ng Munisipyo upang pumasok sa kaban ng bayan.

SEKSYON 6. *Sugnay Pagnapawalang Bisa. Anumang Ordinansa sa bayan ng Roxas na salungat sa ordinansang ito ay pinapawalang bisa.*

SEKSYON 7. Sugnay ng Paghihiwalay. Anumang bahagi ng ordinansang ito na salungat sa Pambansang Ordinansa ay pinapawalang bisa subalit ang iba pang mga bahagi ay mananatiling mag bisa.

SEKSYON 8. Sugnay ng Pagkakabisa. Ang kanusang-ito ay ipatutupad matapos na ito ay pagtibayin ng Sangguniang Panlalawigan at maipaskil sa tatlong mahahalagang lugar sa Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

Sa mungkahi ni Konsehal Robert S. Quiatchon na pinangalawahan nina Konsehal David D. De La Cruz at Konsehal John John S. Yason ang Ordinandang ito ay **PINAGTITIBAY**.

Pinagtibay : 08 Marso 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihimng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang-Punong Bayan

PINACTIBAY

LEO G. CUSH, SR.

Punong Bayan

Petsa: 03.11.2021